

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipinapakilala ng Lungsod ng Brampton ang isang bagong online directory para suportahan ang mga senior

BRAMPTON, ON (Abril 21, 2022) – Inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang isang bagong online resource para mas isulong ang bisyon ng Brampton para sa lahat ng edad at patibayin ang mga koneksyon sa komunidad. Ang bagong seniors' resource directory ay isang online tool para makatulong na dagdagan ang access sa mga resource at serbisyo para sa mga senior at mga tagapag-alaga.

Kabilang sa ilan sa mga resource na available sa directory ang:

- Suporta sa bahay at sa lipunan
- Transportasyon
- Kalusugan at kabutihan
- Mga suportang pinansyal at suporta sa pag-access
- Kalusugan ng isip
- Mga suporta sa bagong dating

Noong Marso 2021, ang Lungsod ng Brampton ay naging kasapi ng Global Network for Age-friendly Cities and Communities ng World Health Organization's (WHO). Ang mga kasapi ng network ay ibinabahagi at itinataguyod ang mga value at prinsipyo ng paraan na nakakabuti sa lahat ng edad ng WHO, nangakong lumikha ng mga kapaligirang nakakabuti sa lahat ng edad at pumayag na aktibong lumahok sa network.

Ang resource directory ng mga senior ay tumutulong sa pagsuporta sa tumatandang populasyon ng Brampton sa pamamagitan ng paghikayat ng paglahok sa lipunan, pagkilala sa pagkakabukod sa lipunan at pagbibigay ng mga resource para sa impormasyon at komunikasyon, ang lahat ng item ay binalangkas sa [Age-Friendly Strategy and Action Plan](#) ng Brampton.

Nakatanggap ang Lungsod ng Brampton ng grant na \$20,575 bilang pondo mula sa programang ew Horizons for Seniors ng Pamahalaan ng Canada para suportahan na magkakabungang ang directory.

Ang bagong resource directory ng mga senior ay magbibigay ng madaling access sa impormasyon sa magagamit na mga pansuportang serbisyo at mahalagang mga touchpoint ng komunidad, tumutulong sa muling pagbuo ng koneksyon at mga pagkakataon ng pakikilahok sa lipunan para sa mga senior ng Brampton habang patuloy na bumabangon ang komunidad mula sa pandemyang COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon sa resource directory ng mga senior, bisitahin ang brampton.ca/agefriendly

Ang mga residente na nangangailangan ng kahaliling format para sa alinmang impormasyon na natagpuan sa directory ay maaaring mag-email sa agefriendly@brampton.ca

Mga Quote

“Noong 2006, ang Brampton ay tahanan ng tinatayang 34,000 tao na edad 65 pataas. Sa 2016, ang bilang na iyon ay tumaas ng higit sa 66,000. Tayo ay may kamangha-manghang mga senior sa Brampton kanimo ang mga ambag ay patuloy na nagpapatibay sa ating lungsod. Committed ang Lungsod ng Brampton sa pagpapalahok sa komunidad at mas pagpapaganda sa buhay ng ating mga senior. Ang bagong resource directory ng mga senior ay magbibigay ng mga tool na kailangan ng ating tumatandang ppulasyon para makagawa ng mahalagang koneksyon at umasenso.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod; isang lungsod kung saan pinapahalagahan, sinusupportahan at gumaganap ng aktibong papel sa komunidad. Sa pamamagitan ng ekstensibong pakikilahok sa komunidad, nilikha natin ang bagong resource directory ng mga senior para magbigay ng impormasyon na partikular sa Brampton sa ating mga senior habang patuloy nating binubuo ang mas magandang Brampton para sa lahat.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Planning and Development, Lungsod ng Brampton*

“Sa pagitan ng 2006 at 2016, ang populasyon ng gma senior sa Brampton ay lumaki ng 196 porsyento at nagpapatuloy ang paglaki. Committed ang Lungsod ng Brampton sa paglikha ng lungsod na nakakabuti sa lahat ng edad at nagbibigay ng mga tool at mga resource na kailangan ng ating tumatandang populasyon para lumakas sa kanilang mga taon sa katandaan.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca

